



Ikaw Ba ay Magiging Anak na Lalaki o Babae ng Diyos?

Leksyon 32

1. Ano ang dalawang uri ng mga tao na isinasalarawan sa mga Kasulatan?

1 Tesalonica 5:5 _____

2. Ang anak ng gabi o ng kadiliman ay kinilala din sa anong dalawang mga pangalan?

Lucas 16:8 _____

Roma 9:8 _____

3. Kung paanong ang parehong grupo ay kinilala bilang mga anak, sino ngayon ang ama ng bawat grupo?

1 Juan 3:10 (unang bahagi) _____

4. Paano ang anak ng liwanag o ng Diyos nahahayag?

Roma 8:13-14 _____

5. Anong ibang mga bunga o kilos ang ihahayag ng isang pinangunahan ng Espiritu ng Diyos?

Galacia 5:22-24 _____

6. Ang lahat ng mga mabubuting bunga o mga kilos na ito ng mga anak ng Diyos ay inilalarawan bilang ano?

Efeso 5:9 _____

Sa pagsunod sa katotohanan ng Diyos, kanilang pinalago ang kanilang mga pag-uugali sa katuwiran, at ang kanilang mga kilos ng pagsunod sa kautusan ng Diyos ay nagpapatunay na sila ay mga anak ng Diyos.

7. Paano ang isang anak ng kadiliman o ng demonyo nahahayag?

1 Juan 3:10 (huling bahagi) _____

8. Ano pang ibang mga bunga o mga kilos ang ihahayag ng isang anak ng laman o ng demonyo?

Galacia 5:19-21 _____

9. Ang lahat ng masasamang mga bungang ito o kilos ng mga anak ng demonyo ay inilalarawan bilang ginagawa silang ano?

Efeso 5:6 _____

Sa pagtanggap sumunod sa katotohanan ng Diyos, kanilang pinalago ang kanilang mga pag-uugali sa kalikuan, at ang kanilang mga kilos ng pagsuway sa kautusan ng Diyos ay nagpapatunay na sila ay mga anak ng demonyo.

10. Kung naghahayag tayo ng mga kilos ng pangangalunya, pakiki-apid, inggit, paglalasing, pagpatay, atba, sino ngayon ang ipinapakita natin na ating tunay na ama?

Juan 8:44 _____

11. Paano natin malalaman ang kaibahan sa pagitan ng isang anak ng Diyos laban sa isang anak ng demonyo?

Mateo 7:20 _____

Kaya sa pagkilos na ating ipinapahayg, tiyak na mabilis makikilala ng sinuman kung kaninong anak tayo – maring sa Diyos o sa demonyo.

13. Para sa mga nagnanais na maging mga anak ng Diyos, ano ang dapat nilang gawin?

Galacia 3:26-27 _____

14. Kung tayo ay nabautismuhan na kay Cristo, sa ano tayo ngayon nabautismuhan?

1 Corinto 12:13 _____

15. Kaninong katawan tayo nagiging kabahagi?

Roma 12:4-5 _____

16. Ano ang iba pang pangalan ng lahat na naging bahagi ng katawan ni Cristo?

Colosas 1:24 _____

16. Sino ang ulo o ang pinuno ng iglesiang ito o kawatan ni Cristo?

Colosas 1:18 _____

17. Ano pang higit na ugnayan ang pinapasok natin sa pagiging kabahagi ng katawan ni Cristo at ng Kaniyang iglesia?

2 Corinto 11:2 _____

18. Ano ang iba pang pangalang ibinigay sa dalagang malininis na naging asawa?

Isaias 62:5 _____

19. Tunay nga ba talaga na si Cristo, bilang Asawang Lalaki, ay pumapaskok sa isang kasalang tipan sa lahat ng pumiling maging Kaniyang asawang babae sa pagiging kabahagi ng Kaniyang katawan o iglesia?

Efeso 5:23-24, 31-32 _____

20. Bakit si Cristo pumapasok sa pag-aasawa sa Kaniyang tunay na mga taga-sunod?

Efeso 5:25-27 _____

Sa gayun ang asawang babae o ang mga kabilang sa iglesia ni Cristo ay inilalarawan bilang nagiging katulad ni Cristo sa pag-uugali at pag-kilos – banal, sakdal at walang batik.

21. Kung paanong si Cristo ang Asawang Lalaki ng Kaniyang iglesia o ng asawang babae, ang Demonyo ba ay may kaniya ding iglesia na binubuo ng katawan ng kaniyang mga taga-sunod?

Apocalipsis 3:9 _____

Kung paanong inilalarawan ang mga kaanib sa sinagoga o iglesia ni Satanas na nagsisinungaling, sinasabi nito sa atin na nagpapakita sila ng katulad na mga bunga tulad ng sa kanilang ama ang Demonyo, at sa ganito mabilis silang makikilala sa masasamang bungang ito. Kung paanong ang mga kaanib ng iglesia ni Satanas nag-aangkin na mga Judio, o nag-aangking mga tunay na taga-sunod ng Diyos, nagsasabi ito sa atin ngayon na magkakaroon ng mga grupo ng mga tao o mga denominasyon na mapandayang mag- aangkin bilang tunay na iglesia ng Diyos. Dahil hindi sila sumusunod sa Diyos at tumutupad sa lahat Niyang mga utos, at hindi naghahayag ng mga banal na bunga ng Espiritu sa kanilang mga buhay at pag-kilos, kanila ngayong pinatutunayan ang kanilang mga sarili na wala na higit pa sa mapandayang mga tauhan ng Demonyo na nagsisikap na bitagin ang mga kaluluwa na umanib at manatili sa kanilang mga tiwaling iglesia.

22. Sa ano pang dalawang naglalarawang mga simbolo ang sinagoga o iglesia ni Satanas inilalarawan bilang?

Apocalipsis 17:1, 5

Ang Babiloniang sinabi dito ay hindi ang literal na kaharian ng Babilonia na ang sinaunang kabiserang lungsod ay matatagpuan sa kung ano ngayon ay Iraq. Subalit ang Babiloniang tintukoy dito ay isang simbolo na kumakatawan sa lahat ng pumili kay Satanas bilang kanilang pinuno at naging tiwali sa pakikipag- isa sa kaniya. Kung paanong ang Biblia ay naglalarawan na mayroon lamang dalawang mga grupo kung saan ang lahat ng uri ng mga tao matatagpuan – maaring ang masusunuring mga anak ng Diyos, ang sumusuway na mga anak ng Demonyo – kaya may dalawa lamang na mga uri ng mga iglesia na ang lahat ng uri ng mga tao masumpungan – maaring sa tapat na Asawang Babae ni Cristo, o sa patutot na Babilonia ni Satanas. Bagamat mayroong daan- daang pangalan ng iba't- ibang mga iglesia sa ngayon, subalit ang bawat isa dito ay matatagpuang nauuri sa ilalim ng isa lamang sa dalawang magkaibang mga iglesia depende sa anong mga bunga ang kanilang ipinapakita. Kung paanong halos lahat ng mga Kristiyanong iglesia sa ngayon ay tumanggi na ingatan ang Ikapitong-araw na Sabbath ng Diyos na utos at sa halip ay sumasamba kung Linggo, ngayon sa kanilang pagsuway ay ipinapahayag nila ang kanilang mga sarili bilang bahagi ng Babilonia.

23. Dapat ba na magkaroon ng anumang pagkaka-isa sa pagitan nitong dalawang magkaibang mga grupo ng mga taga-sunod o mga iglesia?

1 Corinto 6:15-16

24. Ano kung masusumpungan mo ang iyong sarili na naka-ugnay sa pakikisama, pakiki-isa o pagiging kaanib ng isang grupo o iglesia na nagpapanggap na naglilingkod sa Diyos, subalit sa katunayan ay nagpapakita ng mga bunga ng pagsuway na nagpapatunay sa halip na sila ay bahagi ng iglesia ni Satanas na Babilonia?

2 Corinto 6:17 (unang bahagi)

25. Bakit kailangan nating ihiwalay ang ating mga sarili mula sa lahat ng mga karumal-dumal na mga iglesia ng Babilonia?

Isaias 52:11

26. Paano tayo nagiging karumaldumal sa pananatili lamang sa loob ng tiwaling mga iglesia?

Apocalipsis 18:4

Ang Diyos ay nananawagan sa lahat Niyang mga taga-sunod na lumabas mula sa at lubusang talikuran ang lahat ng katiwalian ng Babilonia, upang hindi sila maging karumaldumal sa pagiging kabahagi ng kaniyang mga kasalanan, at sa gayun hindi tayo parurusahang kasama niya sa pagdurusa ng mga salot.

27. Ano ang mga bungang mayroon kung tayo ay tatanggi na ihiwalay ang ating mga sarili mula sa lahat ng mga tiwali at maruming mga ugnayan sa Babilonia, at sa halip na maging kontento na manatili kasama ang mga karumaldumal?

Micas 2:10

Kung ating susuwain ang tiyak na panawagan ng Diyos na lumabas mula sa Babilonia, at sa halip na manatili sa pakikisama, pakiki-isa o pagiging kaanib ng anumang grupo o iglesia na hindi sumusunod sa lahat ng mga utos ng Diyos, sa ating pagsuway ipinapakita natin na iniibig natin ang lipunan ng mga mapaghimagsik ng higit pa na iniibig natin na sumunod sa Diyos. Sa ganito tayo ay nagiging marumi sa pakikibahagi sa lahat nilang mga kasalanan, at mawawalan ng buhay na walang hanggan sa pagdurusa sa galit ng Diyos at sa pagkapuksa kasama ang masasama.

28. Nasa panganib ba talaga ang ating buhay kung pipiliin nating manatili sa loob ng anumang iglesia ng Babilonia?

Jeremias 51:6, 45

29. Ano ang pangako mula sa Diyos kung pipiliin nating sumunod sa Kaniyang utos at ihiwalay ang ating mga sarili mula sa Babilonia at malayo sa lahat ng mga karumal-dumal na mga taga-sunod ni Satanas?

2 Corinto 6:17 (huling bahagi) at 18

Kailan tayo nagiging tunay na mga anak na lalaki at babae ng Diyos? Hindi ito hanggang matapos na ating ipakita ang ating pagsunod sa Diyos sa paghiwalay sa ating mga sarili mula sa karumal-dumal na mga grupo o mga iglesia ng Babilonia. Minsan na ating putulin ang lahat ng pakikisama, pakiki-isa at pagiging kaanib sa anumang hindi sumusunod na iglesia ng Babilonia, doon pa lamang natin lubusang iniuugnay ang ating mga sarili kay Jesu-Cristo, nakikipagtipan na maging dalagang malinis at pinahihintulutang ang Kaniyang katotohanan at katuwiran na gumawa sa atin upang “magsipaglinis tayo sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakasakdalín ang kabanalan sa takot sa Dios” (2 Corinto 7: 1), doon pa lamang tayo nagiging bahagi ng Kaniyang katawan, bahagi ng Kaniyang asawang babae o iglesia, at ang Diyos ang nagiging ating Ama at tayo ang Kaniyang mga anak.

30. Pagkatapos nating sundin ang Diyos at humiwalay sa lahat ng mga iglesiang bumubuo ng Babilonia, dapat ba tayong manatiling mag-isa at sumamba sa Diyos sa ating mga sarili lamang?

Hebreo 10:23-25

31. Dahil hindi na tayo makababalik pa sa kanila na nasa Babilonia, sino ngayon ang ligtas nating pakisamahan?

1 Juan 1:7

Hangga't maari, tayo ay dapat maghanap ng pakikisama at sumambang kasama ang ibang inihiwalay din ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng mga iglesiang Babilonia, na lumalakad din sa liwanag ng katotohanan tulad ng kay Jesus, kahit na ang ating pagsamba ay ginaganap lamang sa ating mga tahanan (Roma 16: 5, 1 Corinto 16: 19, Colosas 4: 15, Filemon 1: 2).

32. Ano kung may 2 o 3 lamang na masumpungan tayong iba para makisama? Ipagwawalang bahala ba ni Cristo ang ating pagsamba sapagkat iilan lamang ang mananambang nakikisangkot?

Mateo 18:20

33. Ano ang gagawin natin sa maluwalhating liwanag mula sa langit na ito tungkol sa pangangailangan ng paghiwalay mula sa Babilonia upang tayo ay maging mga anak na lalaki at babae ng Diyos?

Juan 13:17

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan kong ang Biblia ay naghahayag na mayroon lamang dalawang mga grupo ng tao na masusumpungan- maaaring masunuring mga anak ng Diyos, o lumalabag na mga anak ng Demonyo.

O Nauunawaan kong ang Biblia ay naghahayag na mayroon lamang dalawang mga grupo na ang mga iglesia ay masumpungan- maaaring ang tapat na asawang babae o iglesia ng mga taga-sunod ni Cristo, o ang patutot na Babilonia na iglesia ng mga taga-sunod ni Satanas.

O Nuunawaan ko ding tinatawagan ako ng Diyos na humiwalay mula sa baway iglesiang lumalabag sa alin mang mga kautusan ng Diyos – kabilang na sa bawat iglesiang nangingilin ng Linggo, sapagkat ang kanilang paglabag ang nagpapatunay na sila ay bahagi ng Babilonia.

O Ninanais kong maging tapat na anak ng Diyos, ang maging bahagi ng katawan ni Cristo at ng dalisay na iglesia, at panatilihin ang aking sarili na dalisay, banal at malinis na dalagang asawa para kay Cristo hanggang sa muli Niyang pagbalik upang dalhin tayo sa langit.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Kapag Narinig Mo ang Tinig Niya*